

**Kagawaran ng Edukasyon**  
**Araling**  
**Panlipunan 9**

**Bahaging Ginagampanan ng Pamahalaan sa  
mga Gawaing Pangkabuhayan  
Ikalawang Markahan – Ikawalong Linggo**



Catherine Hope Camancho - Cayer  
*Manunulat*

Mark Joseph C. Fernandez/ Grace B. Columbino  
*Tagasuri*

Edwin Abalos  
*Katibayan ng Kalidad*



**Schools Division Office – Muntinlupa City**

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City  
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



## INAASAHAN

Ang pamahalaan at ang mga kilos nito, ay isa lamang sa mga salik na nakakaapekto sa ating Ekonomiya. Hindi lamang isang indibidwal, organisasyon, o pamahalaan ang responsable sa pagsagot ng mga pundamental na tanong sa ekonomiks. Matutunan sa module na ito ang kahalagahan ng bahaging ginagampanan ng Pamahalaan sa regulasyon ng mga gawaing pangkabuhayan



## UNANG PAGESUBOK

**Panuto:** Bilugan ang Letra ng Tamang Sagot

1. Isang mekanismo na itinuturing na lugar ng interaksyon ng mamimili at nagbebenta upang magtakda ng presyo at magpalitan ng produkto at serbisyo.  
A. Ospital  
B. Paaralan  
C. Pamahalaan  
D. Pamilihan
2. Layunin ng batas na ito na bantayan at imonitor ang presyo ng produkto lalo na kapag ang bansa ay nasa ilalim ng "State of Calamity"  
A. Price Ceiling  
B. Price Control Act  
C. Price Floor  
D. Price Tag
3. Ito ay kilala rin sa katawagan bilang maximum price policy o ang pinakamataas na presyo na maaaring ipagbili ng isang prodyuser ang kaniyang produkto.  
A. Price Ceiling  
B. Principles of Economics  
C. Subsidy  
D. Suggested Retail Price
4. Ang patakarang ito ay isang pamamaraan upang mapanatiling abot-kaya para sa mga mamamayan ang presyo ng nasabing produkto lalo na sa panahon ng krisis.  
A. Equilibrium Price  
B. Price Control Act  
C. Subsidy  
D. Suggested Retail Price
5. Ito ay kilala rin bilang price support at minimum price policy na tumutukoy sa pinakamababang presyo na itinakda ng batas sa mga produkto at serbisyo.  
A. Price Ceiling  
B. Price Floor  
C. Subsidy  
D. Suggested Retail Price
6. Pagbabawal sa pagtataas ng presyo sa pamilihan na ipinapatupad ng pamahalaan sa mga lugar na idineklarang state of calamity sa loob ng 60 araw.  
A. Price Ceiling  
B. Price Control Act  
C. Price Floor  
D. Price Freeze
7. Pangunahing ahensya ng pamahalaan na nagbabantay sa mga presyo at kalidad ng mga produkto sa pamilihan.  
A. Department of Justice (DOJ)  
B. Department of Trade and Industry (DTI)  
C. Department of Labor and Employment (DOLE)  
D. Department of Social Welfare and Development (DSWD)
8. Isang kaayusan kung saan nagkakaroon ng interaksyon ang mga mamimili at nagtitinda upang magpalitan ng iba't ibang bagay, dito natutugunan ang lahat ng kailangan ng konsyumer .  
A. Paaralan  
B. Pamahalaan  
C. Pamilihan  
D. Simbahan


9. Ang patakarang ipinatutupad ng pamahalaan upang mapatatag ang mga presyo ng mga pangunahing bilihan sa pamilihan upang maiwasan ang mataas na inflation.

- A. Equilibrium Price
- B. Price Control Act
- C. Prize Stabilization Program
- D. Subsidy

10. Ang may akda ng aklat na Principles of Economics na nagpapaliwanag ng Principle 7 "Government can sometimes improve market outcomes."

- A. Adam Smith
- B. John Maynard Keynes
- C. Karl Marx
- D. Nicholas Gregory Mankiw

II. **Panuto:** Punan ang graphic organizer ng mahalagang konsepto ng ugnayan ng Pamahalaan at pamilihan. Pumili ng sagot na nasa kahon.




BALIK-TANAW

**Panuto:** Hanapin at bilugan sa kahon ang mga salita na bubuo sa kaisipan sa bawat pangungusap.

1. Ito ang turing sa mga monopolista.
2. Ito ang pamilihan na iisa ang prodyuser.
3. Ito ay pahintulot ng pamahalaan sa isang kompanya upang isagawa ang negosyo.
4. Ito ay pagtatalaga ng karapatang ari sa isang kompanya o indibidwal upang maglathala ng isang gawaing makasining.
5. Ito ang lisensya na mula sa pamahalaan upang bigyang karapatan ang isang negosyo na magprodyus ng isang produkto.

P	R	I	C	E	M	A	K	E	R	M
A	D	F	L	J	O	F	V	B	C	N
T	G	F	R	A	N	C	H	I	S	E
E	D	B	A	L	O	V	E	S	E	B
N	H	I	E	O	P	A	A	L	A	V
T	R	N	S	C	O	S	T	A	L	C
A	T	N	E	O	L	E	H	N	I	C
H	Q	C	O	P	Y	R	I	G	H	T
D	F	E	L	O	O	F	L	E	G	S




## PAGPAPAKILALA NG ARALIN

### Pamahalaan

isang mahalagang institusyon sa ating bansa. Alinsunod sa itinatadhana ng **Artikulo II Seksyon 4 ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas**, pangunahing tungkulin ng pamahalaan na paglingkuran at pangalagaan ang sambayanan.

### Principles of Economics

Bagama't ang pamilihan ay isang organisadong sistemang pang-ekonomiya, may mga pagkakataong nahaharap ito sa pagkabigo o market failure. Sa ganitong pagkakataon, kinakailangan ang pakikialam ng pamahalaan sa takbo ng pamilihan.




### PAGTATAKDA NG BATAS SA PRESYO NG KALAKAL (PRICE CONTROL)

Presyo ng kalakal na itinakda ng pamahalaan upang maiwasan ang pang-aabuso sa panig ng nagtitinda o ng mamimili.

7581, ENTITLED AN ACT PROVIDING PROTECTION TO CONSUMERS BY STABILIZING THE PRICES OF BASIC NECESSITIES AND PRIME COMMODITIES

**RA 7581** provides consumer protection by stabilizing the price and supply of basic necessities and prime commodities and prescribing measures against undue price increases especially during emergencies. She continued that general guidelines were set prescribing standard specifications on the labeling of rice boxes and adding of price tags for all milled rice sold in the market. The milled rice sold in retail outlets were delimited into four classifications, namely: regular milled rice, well-milled rice, premium grade rice and special rice the market into four and suggested retail prices (SRP) for each variety were imposed.


**MARKET CURVE** – graph na nagpapakita ng ugnayan ng Kurba ng Suplay at Kurba ng Demand.



Pinagmulan <https://tinyurl.com/yxod3lmt>

**Price Ceiling**– ang pinakamataas na presyo na maaaring ibenta ang produkto.

P – Presyo  
S – Supply  
D - Demand  
Q - Quantity



Pinagmulan <https://tinyurl.com/yxod3lmt>

### Epekto ng pagkakaroon ng Price Ceiling

Mabuti:


- Mababang presyo ng mga bilingin.
- Kasiguruhan sa mga mamimili.

Di-mabuti:

- Pagbaba ng Supply
- Nagiging dahilan ng Kakulangan
- Nagiging dahilan ng pagkakaroon ng mga ilegal na pamilihan (black market)

**Price Floor** – ang pinamababang presyo na maaaring ibenta ang produkto.

P – Presyo  
S – Supply  
D - Demand  
Q - Quantity



## Epekto ng pagkakaroon ng Price Floor

Mabuti:

- Mas mataas na sahod sa mga manggagawa
- Mas malaking tubo sa mga nagtitinda

Di-mabuti:

- Mas mataas na presyo ng bilihin
- Maaring maging dahilan ng kalabisan ng kalakal.
- Mas mababang demand ng mga bilihin




Pinagmulan: <https://pia.gov.ph/news/articles/1021996>

### Suggested Retail Price (SRP)

- Presyong itinakda ng pamahalaan para sa isang kalakal.
- Mahigpit na binabantayan ang mga produkto na kabilang sa mga pangunahing pangangailangan gaya ng bigas, asukal, kape, harina, tinapay, itlog, at instant noodles
- Ang patakarang ito ay isang pamamaraan upang mapanatiling abot-kaya para sa mga mamamayan ang presyo ng nasabing produkto.

## Price Freeze


- Pagbabawal sa pagtataas ng presyo sa pamilyan.
- Ipinatutupad ito ng pamahalaan upang mapigilan ang pananamantala ng mga negosyante sa labis na pagpapataw ng mataas na presyo ng kanilang mga produkto.
- Labag sa Anti- Profiteering Law ang labis na pagpapataw ng mataas na presyo.



Pinagmulan:  
<https://www.facebook.com/DTI.Philippines/photos/alam-nyo-baang-mga-basic-necessities-sa-buong-bansa-ngayon-ay-naka-price-freeze/10154724734895116/>

## Price support

- Ito ay paraan ng pamahalaan na bigyan ng tulong ang mga negosyante upang maiwasan ang pagkalugi o mabawasan ang kita.
- Kabilang dito ang mga subsidy, tax exemption o tax deduction, discount at bonus.
- Layunin nito na mapanatili ang mababang halaga ng produksyon upang maiwasan ang pagtaas ng presyo ng bilihin.




Pinagmulan: <https://www.slideshare.net/Moo03/price-support>



**GAWAIN**

**Panuto:** Punan ng mahalagang impormasyon ang Venn Diagram upang maipakita ang pagkakaiba-iba at pagkakatulad ng price ceiling at price floor.



**TANDAAN**

Ang **pamahalaan** ay isang mahalagang institusyon sa ating bansa. Alinsunod sa itinakda ng **Artikulo II Seksyon 4** ng **1987 Konstitusyon** ng Pilipinas, pangunahing tungkulin ng pamahalaan na paglingkuran at pangalagaan ang sambayanan.

Sa aklat ni **Nicholas Gregory Mankiw** na **Principles of Economics**, ipinaliwanag niya ang Principle 7 na “Government can sometimes improve market outcomes”.

Ayon sa kaniya, bagama’t ang pamilihan ay isang organisadong sistemang pang-ekonomiya, *may mga pagkakataong nahaharap ito sa pagkabigo o market failure*.

Ang halimbawa ng mga ito, ay ang paglaganap ng externalities gaya ng polusyon at pagkakaroon ng monopoly na nagdudulot ng pagkawala ng kompetisyon.

Sa ganitong pagkakataon, kinakailangan ang pakikialam o panghihimasok ng pamahalaan sa takbo ng pamilihan.

Kaugnay nito, hindi nakakaiwas ang Pilipinas at iba pang bansa na mapasailalim ang pamilihan sa panghihimasok ng pamahalaan. Maliban sa pagtatakda ng buwis at pagbibigay ng subsidy, nagtatalaga ang pamahalaan ng presyo ng mga produkto at serbisyo. Upang mapatatag ang presyo sa pamilihan inflation.

Ang pagkontrol ng pamahalaan sa presyo ng pamilihan ay nahahati sa dalawang uri:

1. Price Ceiling
2. Price Floor.



## PAG-ALAM SA NATUTUHAN

**Panuto:** Sa bahaging ito mapapatunayan na may natutuhan sa bagong aralin.



*Pinagmulan: <https://tinyurl.com/y33scy7q>*

### Gabay na Tanong:

1. Ano ang mensahe ng pahayag mula sa larawan?

---

---

---

2. Makabubuti ba sa ekonomiya ang pakikialam ng pamahalaan sa presyo ng pamilihan?

---

---

---

3. Kapag nagpatupad ng price control ang pamahalaan at maraming negosyante / tindera ang hindi tumutupad, lalo na sa mga produkto na madalas mong kinokonsumo, ano ang iyong gagawin? Pangatwiranan ang iyong sagot.





**PANG-WAKAS NA  
PAGSUSULIT**

**A. Panuto:** Punan ng wastong sagot ang bawat aytem. Pumili ng sagot mula sa kahon sa ibaba.

<b>DTI</b> <b>Paglingkuran at Pangalagaan</b> <b>ang Mamamayan</b> <b>Price Floor</b>	<b>Shortage</b> <b>Surplus</b> <b>Minimum Wage Law</b>
--	--


1. Ang tawag sa pinakamababang presyo na itinakda ng batas sa mga produkto
2. Pangunahing tungkulin ng pamahalaan ayon sa Konstitusyon?
3. Isang pangyayari sa pamilihan na kung saan may sobra o higit ang supply ng mga produkto sa dami ng planong ikonsumo o bilhin ng tao.
4. Ang patakarang ito ay naaayon sa **Republic Act 602** ipinatutupad ng pamahalaan ang batas sa pinakamababang suweldo sa sektor ng paggawa upang makaiwas ang mga manggagawa na makatanggap ng mababang suweldo.
5. Isang pansamantalang pangyayari sa pamilihan na kung saan, ang *supply* ng produkto ay hindi sapat sa planong ikonsumo ng tao at serbisyo sa pamilihan.

**B. Panuto:** Suriing mabuti ang mga pahayag sa ibaba. Isulat ang salitang **PABILI** kung TAMA ang mensahe at **PATAWAD** kung MALI.

6. \_\_\_\_\_ Ang kartel ay nangangahulugang alliances of consumers.
7. \_\_\_\_\_ Sa pamamagitan ng pamilihan, nalalaman ang sistema ng ekonomiya.
8. \_\_\_\_\_ Ang pamilihan ay ang mekanismo na kung saan nagtatagpo ang konsyumer at prodyuser.
9. \_\_\_\_\_ Nagaganap ang sistema ng pamilihan dahil lahat tayo ay may kakayahan na magsuplay.
10. \_\_\_\_\_ Ang presyo ang pangunahing salik sa pagbabago ng demand at supply sa pamilihan

**C. Panuto:** Punan ang bahagi ng graph gamit ang mga salita na nasa kahon.

**Demand**  
**Presyo**  
**Price Ceiling**  
**Price Floor**  
**Quantity**  
**Supply**



**Sanggunian:**

**Aklat**

- Kayamanan: Ekonomiks, Pahina 159-162

**Modyul**

- Ekonomiks Araling Panlipunan 9 Module Pahina 141-146

**Website**

- Pinagkunan <https://tinyurl.com/vybxezjh>
- Pinagkunan Pinagkunan: <https://tinyurl.com/y33scy7q>
- Pinagmulan <https://tinyurl.com/yxod3lmt>

1. Price Floor, 2) Panglilingkurang at Pangalagaan ang Mamamayan, 3) Surplus, 4) Minimum Wage Law, 5) Shortage, 6) Pabali, 7) Pabali, 8) Pabali, 9) Patawad, 10) Pabali, 11) Presyo, 12) Supply, 13) Price Ceiling, 14) Price Floor, 15) Quantity

**PANGWAKAS NA GAWAIN**

Ipinatupad ang price floor at price ceiling ng pamahalaan upang makontrol ang presyo sa pamilihan sa mga pagkakatapos ng ay nahaharap sa pagkabitig o market failure. Ngunit, magkabalda ang ginagawa ng mga ito.

**PAGKAKAPAREHO**

Ito ay tumutukoy sa pagpapatal ng pinakamababang presyo na itinakda ng batas sa mga produkto at serbisyo. Ito ay ipinagkakatloob bilang price support sa sektor ng agrikultura at nauugnay sa pagtatatda ng batas ukol sa minimum wage.

**Price Ceiling**

Ito ay ang pagpapatal sa pinakamataas na presyo na maaaring ipagbili ng isang prodyuser sa kanyang produkto. Kaya mayroong ibang mga produkto na nilalagyan ng (SRP) Suggested Retail Price para maging abot kaya ang mga ito sa mga mamamayan lalo na sa panahon ng krisis.

**Price Floor**

**PAGKAKAIBA**

**GAWAIN**

1) D, 2) B, 3) A, 4) D, 5) D, 6) D, 7) D, 8) C, 9) C, 10) B, 11) Department of Trade and Industry, 12) Price Control, 13) Konsyumer, 13) Price Support, 15) Prodyuser

**UNANG PAGSUBOK**

**Susi sa Pagwawasto:**